

**Lance David Ambrocio**
**Major in Landscape Architecture**
**University of the Philippines Diliman**

<Programs to have participated>

“Japanese Language Program Winter 2016” hosted by

**Japanese Language Education Center, Meiji University**

Ako si Lance David Ambrocio, isang mag-aaral mula sa Kolehiyo ng Arkitektura sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman, kumukuha ng Arkitekturang Hubog-Lupa. Nagkaroon ako ng katangi-tanging oportunidad na maging bahagi ng Japanese Language Winter Program ng Meiji University nitong nakaraang Pebrero. Ang dalawang linggong programang iyon ay tila maiksi lamang, ngunit punong-puno ito ng mga napakagagandang mga karanasan na hindi ko kailanma’y makakalimutan.

**Dahilan/layunin ng pagaaral sa Hapon**

Simula pa noong ako’y kabataan, talagang nabighani ako sa mga animation at manga ng mga Hapon. Lubos akong nahilig noon sa mga palabas na mula sa Studio Ghibli, at mahilig rin akong magbasa ng mga manga na gawa nina Urasawa Naoki at Watase Yuu. Ang pagkakaroon ng kakayahan na manood ng anime at magbasa ng manga na walang subtitulo at pagsasalin, at pagkakaroon ng pang-unawa sa kultura kung saan nakabase ang karamihan sa mga konteksto sa istorya, ay nagpakilos sa akin na magsimulang mag-aral ng Hapon mag-isa. Ang maagang pagka-interes ko sa Hapon ay nag-udyok sa akin na sumali sa isang Pilipino-Hapon na organizationg pangkaibigan. Ito ay nakatulong sa akin na lumawak ang kaalaman ko tungkol sa Hapon, at makabuo ng tumatagal na mga pagkakaibigan sa mga Hapong mag-aaral mula sa iba’t-ibang unibersidad. Ang kanilang mga karanasan bilang isang exchange student sa Pilipinas ay nagpakilos sa akin na gustuhing mag-aral rin sa Hapon.



Sa aking pag-aaral sa Arkitekurang Hubog-Lupa, natutunan ko ang kakaibang prinsipyo sa

disenyo ng isang tradisyonal na harding Hapon, isa na napakahirap gayahin nang walang kaalaman sa kulturang Hapon at pag-iisip. Talagang pinupuno ako nito ng pagkahanga kung paanong ang bawa't lugar ay may sikolohikal na layunin at bawa't elemento ng disenyo ay inayos na natural at may perpektong balanse. Ninais kong makita ang mga harding ito nang personal, at ito ang isa sa mga dahilan kung bakit ko gustong mag-aral sa Hapon.

**Dahilan/layunin ng pagsali sa Meiji University Japanese Language Program**

Marami akong mga kaibigang Hapon na patuloy na nagbabahagi ng kanilang magagandang karanasan bilang isang *exchange student* sa Pilipinas, at inudyok nila akong sumali sa isang maiksing programa sa Meiji University upang maranasan ko rin ang pakiramdam ng isang *exchange student* sa Hapon. Nais ko ring mas lalong mapabuti ang aking kakayahang magsalita sa Hapon, bilang kaya kong makipag-usap nang pangaraw-araw na mga pag-uusap sa Hapon, ngunit hindi sa isang propesyunal na tagpuan. Kaya nagdesisyun akong sumali.

**Tungkol sa mga naramdaman/nakuha/natutunan sa pagsali sa programa**



Napakagandang karanasan ang pagbisita ko sa Hapon! Natutunan ko agad kung paano gumagana ang sistema ng tren ng Hapon (pagkatapos kong mawala) at ito ay tunay ngang isang kahanga-hangang transpotasyong nasakyan ko. Naranasan ko rin ang buhay-pamilya ng aking *homestay family*, na tunay ngang napakabait at matulungin. Bawa't araw na kasama sila ay isang importanteng alaala para sa akin, at talagang nais ko na silang makitang muli. Lubos akong nagpapasalamat sa kabaitan at pagpapatuloy nila sa akin.

Isang malaking hamon ang pag-aaral ng Hapon para sa akin, lalo na't nailagay ako as *Intermediate Level* na klase. Tila lahat ng mga kaklase ko ay marunong na talaga sa Hapon at nakakabasa na ng mahihirap na *kanji.* Ito ang hamon ko dahil hindi talaga ako marunong magbasa at magsulat ng *kanji.* Ngunit sa tulong ng aking mga guro at pagpapatibay ng aking mga kaklase, ako'y nakahabol sa kanila at nasiyahan sa karanasan sa pagtuto.

Naranasan ko ang mayaman na kultura ng Hapon sa mga iba't-ibang gawain, tulad ng *furoshiki* at *kitsuke*. Nakapagsuot ako ng *kimono* at *hakama*, at nakapaglakad ako sa mga kalye ng Ochanomizu tulad ng isang *samurai*! Ang magaganda at matutulunging mga *student supporters* ng Meiji ay sinamahan kami at ipinakita sa amin ang Tokyo, at talagang nabighani ako sa mga tanawin at masasarap na mga pagkain. Karagdagan pa, ang Akihabara, na isang lugar na punong-puno ng *anime* at *manga*, ay isang sakay lang mula sa Meiji University! Kaya masasabi kong alam na alam ko na ang bawa't kalye at lugar sa Akihabara.

**Tungkol sa iyong plano para sa hinaharap/pangarap**

Sa hinaharap, nais kong muling bumalik sa Hapon upang makapagaral ng Hapon at magtrabaho sa isang *architecture firm*. Nais ko pang matuto nang higit pa tungkol sa disenyong Hapon at makatulong sa paggawa ng magagandang mga lugar na masisiyahan ang mga tao. Gusto ko ring subukang mag-aplay bilang isang mangguguhit sa ilang *animation studios*, tulad ng Kyoto Animation kapag ako'y gumaling na sa pagguhit. Iniisip ko ring maging isang mangaka at gumawa ng aking sariling *manga*. Mayroon na nga akong istorya para rito! Anumang mangyari sa hinaharap, nais kong sa Hapon ang hinaharap ko, ang lugar kung saan kahit anumang bagay ay posible.

Visit http://www.meiji.ac.jp/cip/english/programs/mjlp/index.html for more information on Japanese Language Program by Japanese Language Education Center, Meiji University.